Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan - Modyul 8:Linggo 6

## Mapanuring Pag-iisip



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Quarter 1 - Modyul 8: Mapanuring Pag-iisip
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – isip.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

**Authors:** Donna M. Carlos

**Editor:** Maria Fe C. Tayong

**Reviewers:** Jane C. Agpalza
Janette P. Cabaya
Phebe S. Antiquina, PSDS

**Illustrator:** Julius T. Bucar
**Layout Artists:** John Rimmon I. Taquiso

**Management Team:**
Chairperson: Rebonfamil R. Baguio
*Schools Division Superintendent*

Co-Chairperson: Eugene I. Macahis Jr.
*Asst. Schools Division Superintendent*

Members:
Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES
Yeselucio N. Patriarca Jr. – EPS_ ESP
Analisa C. Unabia, EPS – LRMS
Joan Sirica V. Camposo, Librarian II
Israel C. Adrigado, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan - Modyul 8:Linggo 6

## Mapanuring Pag-iisip

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda ta sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat naming ang mga guro at ibang nasa larangan ng Edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

*(This page is intentionally blank)*

## *Ano ang Modyul na ito*

Ang modyul na ito ay para sa isang linggong gawain na kinabibilangan ng mga gawain para sa ika-apat na baitang upang magkaroon ng mapanuring pag-iisip sa anumang paraan ng pagtuklas ng katotohanan.

Mahalaga sa bawat mag-aaral ang mapagtanto ang tama sa mali sa bawat desisyon na ginagawa.



### *Mga tala para sa Guro*

Nagagabayan ng guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng mapanuring pag-iisip sa pagkilala ng tama at maling dulot ng teknolohiya.

## *Alamin*

*Pagkatapos ng araling ito, ang  mag-aaral ay inaasahan na:*

1. Nakapagsasagawa nang may mapanuring pag-iisip ng tamang pamamaraan / pamantayan sa pagtuklas ng katotohanan.


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod mna hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

*Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay  pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Lagyan ng salitang Nakabubuti ang mga gawain na nagpapakita ng nakabubuti sa paggamit ng internet. Hindi Nakabubuti naman kung ito ay nakasasama. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

__________1. Nakatutulong sa aming mga aralin lalo na sa science para mapadali ang pagsagot ng takdang aralin.

__________2. Nakapaglalaro ng ML ng mahabang oras.

__________3. Nakapapasok sa mga sites na may malalaswang panoorin.

__________4. Nakagagawa ng blog site tungkol sa ganda ng kapuluan at baybayin ng Pilipinas na napuntahan.

__________5. Nakakapag-upload ng mga batang nagsusuntukan sa YouTube.

__________6. Nakapagbabasa ng mga e-mail na may katuturan sa buhay ng simpleng mag-aaral na Pilipino.

__________7. Nakakapag-chat ng malalaswang salita sa Skype.

__________8. Nakakapag-Facebook nang magdamag.

__________9. Nakapaglalagay ng mensahe sa instagram na nakakasira ng pagkatao ng isang kaklase.

__________10. Nabibigyan ng impormasyon ang mga kaibigan tungkol sa pagtanim ng mga succulents/cactus galling sa internet.

| Leksyon 1 | Impormasyon: Bahagi at Instrumento sa Aking Pagkatao |
|---|---|

Ang internet ay may malaking impluwensiya sa buhay ng mga tao sa panahon ngayon. Naging malapit ang mga nasa malalayong lugar dahil sa teknolohiya. Pinagbigyan ng pagkakataon ang pamilya na nagkalayo na maging malapit sa isa't – isa dahil sa internet. Nakakausap, at nalalaman mo ang kaganapan sa ibang bansa dahil sa internet. Naging madali ang komunikasyon nang mga tao, pati na rin sa hanay ng pagnenegosyo. Marami ang nabiyayaan ng pagkakataon ngunit marami rin ang naging biktima nang hindi mabuting dulot nang teknolohiya. Sa larangan ng edukasyon, malaking tulong ang teknolohiya upang mapabilis ang pagsaliksik at naging maayos ang pagpapakita ng mga aralin sa loob ng klase. Ang computer ay naging pangunahing kagamitan sa pagtuturo. Kailan ka muling gumamit ng teknolohiya sa tulong ng iyong guro?



***Balikan***

Anu-anong kakayahan meron ka? At ano ang naitutulong ng teknolohiya sa pagtuklas mo ng iyong mga kakayahan? Ipaliwanag.

| |
|---|
| |

Paano mo napaunlad ang iyong sarili gamit ang makabagong teknolohiya?
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

## *Tuklasin*

**Panuto:** Basahin ang nasa ibaba.

**Internet: For Better or For Worse**
**(Nakabubuti o Nakasasama}**

Ang pagtuklas ng katotohanan ay nagiging mas mabisa lalo na kung ito ay ginagamitan ng pananaliksik. Sa tulong ng *internet,* isang pindot mo lang sa *computer* ay makikita mo na ang gusto mong malaman. Gayunpaman, dapat tayong maging mapanuri sa ating mga pinapasok na *site* o *blogsite* sa *internet*.

Upang magamit natin nang tama ang *internet*, kailangan nating malaman ang mga salitang dito ay umuugnay.

Panuto:

Makikita sa ilustrasyon ang mga halo-letra na nakalagay sa loob ng kahon. Ayusin ang mga letrang ito upang makabuo ng mga salita na may kaugnayan sa *internet* at teknolohiya. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. pewabge ______________
2. biteslog ______________
3. alim-e ______________
4. ttertwi ______________
5. legogo ______________
6. netertin ______________
7. koafboce ______________
8. oyu etub ______________
9. martagsin ______________
10 allgeyr ______________

Narito ang mga *clue* upang mas lalo kang magabayan sa iyong paglalaro.

1. Pahina sa internet na makakatulong sa impormasyon.

2. Karaniwang pinapanatili ng isang indibidwal na may regular na mga entry ng mga komentaryo, ang paglalarawan ng mga pangyayari, o iba pang materyales tulad ng mga *graphic* o *video.*

3. Modernong pagpapadala ng komunikasyon,  ito ay isang elektronikong liham.

4. Isang social networking at microblogging na serbisyo na nagbibigay-kakayahan na gumagamit nito na pagpadala  at basahin ang mga mensahe na kilala bilang mga *tweets*.

5. Isang uri ng website na maaaring gamitin sa pananaliksik.

6. Ang magpakabit na mga *computer network* na maaaring gamitin ng mga tao sa buong mundo.

7. Maaaring magdagdag din ng mga  kaibigan at magpadala ng mensahe sa kanila, at baguhin ang kanilang sariling sanaysay upang ipagbigay-alam sa kanilang mga kaibigan ang tungkol sa kanilang sarili.

8. Isang uri ng *website* na maaaring gamitin upang makapanood ng *video* o palabas.

9. Ito ay hinahayaan ang *user* na maedit ang naiupload na larawan at mga maiikling *video* sa pamamagitan ng *mobile app*.

10. Isang *app* sa *mobile phone* na nakapagstore ng mga larawan at *video.*



### ***Suriin***

Sagutin ang mga tanong:

1. Tungkol saan ang mga nabuo mong salita?

2. Alin sa mga ito ang nakatulong sa iyo sa paghahanap ng kasagutan sa iyong mga naiisip na opinyon? Magbigay ng halimbawa.

3. Kung wala ang *internet*, paano ka kaya makahahanap ng kasagutan sa mga tanong mula sa iba't ibang asignatura?

4. Nakaapekto ba ang teknolohiya sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay? Paano?.

5. Pumili ng babasahin sa *internet*. Suriin ang balangkas, nilalalaman, at mensahe nito.



## *Pagyamanin*

Sa paggamit ng *internet*, nasa anong lebel mo makakategorya ang iyong sarili sa pagtuklas ng katotohanan? Bilugan ang puntos

| Puntos | Kategorya |
|---|---|
| 1 - 2 | Hindi mahusay |
| 3 - 4 | Medyo mahusay |
| 5 - 6 | Mahusay |
| 7 - 8 | Mahusay na mahusay |

Sa iyong sagot,masasabi mo bang hindi ka umaabuso sa paggamit ng *internet*? Suriin ang sarili batay sa lebel o antas na kinalalagyan . Ipaliwanag**.**




## *Isaisip*

Tunay na napakahalaga ng paggamit ng *internet* o teknolohiya sapagkat napapadali ang mga gagawing pananaliksik lalong-lalo na sa mga mag-aaral na naghahanap ng kalutasan sa mga naibigay na takdang aralin: Paggawa ng pagsasaliksik, ulat pasalaysay at marami pang iba. Sa pamamagitan na lamang ng pag-*browse* sa *internet,* napagagaan ang kanilang gawain at natututo rin ang mag-aaral na mapalawak ang kaalaman sa larangan ng anumang disiplina.

Malaki ang epekto sa atin ng internet. Subalit hindi lahat ng nababasa sa internet ay totoo at tama. Kailangang maging mapanuri sa mga binabasa o pinupuntahang *sites*. Marami ring *sites* na nagbibigay ng kalaswaan at karahasan.

Masasabi natin na malaking tulong ang teknolohiya sa pag-unlad ng iba't ibang aspekto ng kaalaman at edukasyon. Subalit kailangang nating tandaan na nararapat nating gamitin ito nang wasto. Huwag nating hayaan ang ating mga sarili na abusuhin ang teknolohiya. Maaaring makapagdulot ito ng mga masamang epekto kapag ito ay hindi ginamit sa tamang paraan.



## *Isagawa*

**Basahin:**

### Panalangin ng Isang *Netizen*

Panginoon, kami po ay nagpapasalamat sa mga biyaya na inilaan ninyo sa amin. Sa makabagong materyal na magagamit gaya ng *computer* at *internet*, kami po'y inyong gabayan. Buksan mo po ang aming mga mata at isipan. Ilayo po ninyo kami sa tukso ng malalaswang panoorin. Gayundin ang aming mga tainga sa aming naririnig sa mga *blog sites*, laro sa internet na nakapipinsala sa amin.

Gabayan mo po ang aming isipan sa mga bagay na nakagugulo dala ng makabagong teknolohiya. Basbasan mo po ang aming puso para maiproseso namin ang mabuti at masamang epekto ng *internet* at *social networking sites.*

Panginoon, gawin mo kaming mabuting *netizen* na magkaroon ng pagmamahal sa katotohanan at may pagtataguyod sa tamang paggamit ng bagong likhang kagamitan.

## *Tayahin*

**Panuto**: Lagyan ng salitang Nakabubuti ang mga gawain na nagpapakita ng nakabubuti sa paggamit ng *internet*. Hindi Nakabubuti naman kung ito ay nakasasama. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

__________1. Mga batang nagsusuntukan ang palaging pinapanood sa *YouTube*.

__________2. *Sites* na may malalaswang panoorin ang madalas na binubuksan o binibisita.

__________3. Mahabang oras ang kanyang inilaan sa paglaro ng ML.

__________4. Mga magagandang kapuluan at baybayin ng Pilipinas ang laman ng kanyang ginagawang *blog site*.

__________5. Magdamag na nagbababad sa *Facebook*.

__________6. Nagbibigay ng mga impormasyon sa mga kaibigan tungkol sa pagtanim ng mga *succulents/cactus* galing sa internet.

__________7. Mga malalaswang salita ang tsinachat sa *Skype*.

__________8. Naglalagay sa instagram ng mga masasamang mensahi na nakakasira sa pagkatao ng isang kaklase.

__________9. Mapapadali ang pagsagot ng mga takdang – aralin lalong lalo na sa *Science*.


__________10. Nakakapanood ng mga malalaswang panoorin sa mga *sites* na napapasok.

## ***Karagdagang Gawain***


Itala sa loob ng iginuhit na *computer* ang pinagsama-sama ninyong ideya at opinyon tungkol sa epekto ng paggamit ng *internet.*

Sa unang *computer* itala ang positibong epekto, at sa pangalawa naming *computer* ay ang negatibong epekto nito.

**Positibong Epekto**



**Negatibong Epekto**



**Sagutin ang tanong:**

Anu – ano ang malaking epekto ng *internet* sa iyong buhay bilang mag-aaral? Pangatwiranan.

## ***Answer Key***

| Subukin |
|---|
| 1. Nakabubuti |
| 2.Hindi Nakabubuti |
| 3.Hindi Nakabubuti |
| 4.Nakabubuti |
| 5.Hindi Nakabubuti |

| Subukin cont. |
|---|
| 6. Nakabubuti |
| 7. Hindi Nakabubuti |
| 8. Hindi Nakabubuti |
| 9. Hindi Nakabubuti |
| 10. Nakabubuti |

| Tayahin | |
|---|---|
| 1.Hindi Nakabubuti | 6. Nakabubuti |
| 2.Hindi Nakabubuti | 7. Hindi Nakabubuti |
| 3.Hindi Nakabubuti | 8. Nakabubuti |
| 4.Nakabubuti | 9. Nakabubuti |
| 5.Hindi Nakabubuti | 10. Hindi Nakabubuti |

## *Sanggunian:*


Abac, F.E. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Amoyen, G.A. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Antiquiera, J.M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4.Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Bringas, H.A. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon.Kagawaran ng Edukasyon

Capati, G. R. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Caraan, MC. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaaran ng Edukasyon

Castillo, R.A. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Catapang, R.B. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Gonzales, I. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Gulapa, J.B. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Ortega, N. S. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Pandino, M. D. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Reyes, A. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Soriano, P. R. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615